# Pagbabahagi ng Pagmamahal sa mga Kaibigan

Ni Devan Jensen, Utah, USA

## Hi! Ako si Rentalyn.

Nakatira ako sa isla ng Weno sa Karagatang Pasipiko. Isa ito sa maraming isla sa Chuuk Lagoon. Ipinapakita ko ang aking pagmamahal sa aking mga kaibigan sa pamamagitan ng pagsayaw at pagkanta kasama sila at pag-anyaya sa kanila sa simbahan.



### MGA KANTA NG PAGMAMAHAL

*Ako at ang mga kaibigan ko ay mahilig kumanta nang magkakasama. Ang aking mga paboritong awit ay "Sa Akin Nagmumula ang Kabaitan," "Ako ay Anak ng Diyos," at "Templo'y Ibig Makita." Mahal ko ang aking pamilya, at gusto kong pumunta sa templo para mabuklod sa kanila.*

MGA LARAWANG KUHA NINA DEVAN JENSEN AT RACHEL MARTEN

### PAG-ANYAYA SA AKING MGA KAIBIGAN

*Inaanyayahan ko sa simbahan ang aking mga kaibigang sina Demina at Sina, at minsan ay sumasama sila sa akin. Umaasa ako na mabibinyagan sila balang-araw.*



### ISANG SAYAW TUNGKOL SA MGA KAIBIGAN

*Ako at ang mga kaibigan ko ay nag-aaral ng ballet mula kay Sister Hardy, isa sa mga missionary. Nagpapraktis kami ng isang ballet tungkol sa isang batang babae na nagngangalang Lily na naligaw sa isang isla at kailangan ang kanyang mga kaibigan para maituro ang landas.*



### PAGBISITA SA AKING MGA PINSAN

*Mahal ko ang mga pinsan ko! Naglalakbay ako gamit ang isang bangka para mabisita sila sa isla ng Romanum. Ang tiyo ko at ang aking mga pinsan ang nagpapaandar ng bangka. Inihahatid din nila ang mga missionary papunta sa iba-ibang isla.*



### MGA GAMIT NI RENTALYN PARA MAGPAKITA NG PAGMAMAHAL

- Yayain ang mga kaibigan sa simbahan.
- Magkatuwaan sa pagkanta at pagsayaw nang magkakasama.
- Manatiling malapit sa inyong pamilya.
- Kaibiganin ang mga missionary.



### TULUNGANG PUNUIN ANG MUNDO NG PAGMAMAHAL!

Paano mo sinusunod si Jesus sa pamamagitan ng pagpapakita ng pagmamahal? Magpadala sa amin ng isang puso kasama ang inyong kuwento at retrato, pati na ang pahintulot ng inyong magulang. Ipadala ito sa liahona.lds.org (iklik ang "Submit an Article") o ipadala sa email sa liahona@ldschurch.org.